<table>
<tr><td colspan="2">Kagawaran ng Hustisya ng California<br>DIBISYON NG NAGPAPATUPAD<br>NG BATAS<br>John D. Marsh, Hepe</td><td colspan="2">BULLETIN<br>NG IMPORMASYON</td></tr>
<tr><td colspan="2">Paksa:<br>Tungkol sa Pagbabawal sa Pakikinig at Pagrekord ng mga Pag-uusap sa Pagitan ng mga Bilanggo at Kanilang mga Abogado, Relihiyosong Tagapayo, at Doktor</td><td>No.<br>2023-DLE-03<br>Petsa:<br>06/27/2023</td><td>Kontakin para sa impormasyon:<br>Programa ng mga Serbisyo sa Kliyente<br>dojcsp@doj.ca.gov</td></tr>
</table>

**PARA SA: LAHAT NG HEPE NG PULISYA, SHERIFF, AT EXECUTIVE NG MGA AHENSYANG NAGPAPATUPAD NG BATAS NG CALIFORNIA**

Ang bulletin na ito ay nagsisilbing paalala na dapat mahigpit na protektahan ng lahat ng nagpapatupad ng batas ang karapatan ng bilanggo na pribadong kumonsulta sa counsel na gusto niya, ito man ay isagawa nang personal o sa anumang iba pang pamamaraan. Kabilang dito ang pagtiyak na hindi nirerekord, sinusubaybayan, o naririnig ang naturang mga pag-uusap. Maliban sa pagprotekta sa kontitusyonal na protektadong karapatang ito, hindi dapat makinig sa elektronikong paraan ang nagpapatupad ng batas sa mga pag-uusap ng mga bilanggo at kanilang mga doktor o relihiyosong tagapayo nang hindi muna humihingi ng pahintulot mula sa lahat ng kasama sa pag-uusap.

Tinatalakay ng bulletin na ito ang mga nalalapat na konstitusyonal at naaangkop na batas na pumoprotekta sa karapatan ng bilanggo na mag-counsel, gayundin ang kanilang karapatan na pribadong makipag-usap sa relihiyosong tagapayo o medikal na propesyonal. Nagbibigay din ang bulletin na ito ng impormasyon para tulungan ang nagpapatupad ng batas na tiyaking ang kanilang mga kasanayan, gayundin ang mga kasanayan ng komersyal na entidad na kinontrata nila para magbigay ng mga serbisyo ng telekomunikasyon sa bilanggo, ay naaayon sa mga legal na kinakailangang ito.

Mahigpit na hinihimok ng Kagawaran ng Hustisya ang lahat ng mga ahensyang nagpapatupad ng batas na ipatupad ang mga patakaran at kasanayan nang naaayon sa mga batas na ito at sanayin ang kanilang mga kawani alinsunod dito. Pakitandaan na ang bulletin na ito ay hindi naglalayon, o hindi dapat ipakahulugan, na hayagang isaad ang mga karapatang nalalapat sa lahat ng komunikasyong isinasagawa ng mga bilanggo.

**MGA BATAS NA NAMAMAHALA SA KARAPATAN NG BILANGGO NA MAG-COUNSEL AT IBA PANG PROTEKTADONG PAG-UUSAP**

Ipinagbabawal ng batas ng California ang elektronikong pakikinig at pagrekord sa mga pag-uusap sa pagitan ng mga bilanggo at kanilang mga abogado, relihiyosong tagapayo, at doktor nang hindi humihingi ng pahintulot mula sa lahat ng kasama sa pag-uusap. (Kodigo Pinal, § 636, subd. (a).) Ipinagbabawal din ng batas ng California ang mga hindi elektronikong pakikinig sa mga pag-uusap ng naturang mga indibidwal kapag ang mga pag-uusap ay “naganap sa isang lugar, at sa ilalim ng mga kalagayan, kung saan makatuwirang inaasahan ang pagiging pribado, kasama ang holding area ng bilangguan, [iba pang] holding area, o anteroom. Hindi nalalapat ang subdivision na ito sa mga pag-uusap na hindi sinasadyang narinig o naganap sa isang hukuman o iba pang silid na ginagamit para sa mga paglilitis sa paghatol.” (Kodigo Pinal, § 636, subd. (b).) Isang mabigat na kasalanan ang paglabag sa batas na ito.

Karagdagan pa, pinoprotektahan ng Konstitusyon ng Estados Unidos at ng Konstitusyon ng California "ang karapatan na makipag-usap sa abogado sa ganap na pagkapribado." (*Barber v. Municipal Court (San Luis Obispo)* (1979) 24 Cal.3d 742, 751; U.S. Const., 6th Amend; Cal. Const. Art. 1, § 15.) Ayon sa Korte Suprema ng California, "walang kaugnayan sa mga dahilan na pinagbabatayan ng garantiya ng pagkapribado ng komunikasyon ng kliyente at abogado na manghihimasok ang estado para sa anumang layunin … [dahil] pareho lang ang magiging masamang epekto nito sa buo at malayang pagsisiwalat ng kliyente, anuman ang iginiit na layunin ng estado sa panghihimasok." (*Barber, supra*, sa p. 753.) Nilalabag ang karapatang mag-counsel kapag naroroon ang nagpapatupad ng batas habang isinasagawa ang kumpidensyal na pag-uusap ng abogado at kliyente o kapag hinihingi ng operasyon ng pasilidad ng bilangguan na isagawa ang mga naturang pag-uusap sa ilalim ng mga kalagayan kung saan maaari itong marinig. (*Id.* sa p. 752, citing *Ex Parte Qualls* (1943) 58 Cal.App.2d 330.) Itinataas nito ang nakakabahalang pagkakataon na maaaring makahanap ang hukuman ng paglabag sa Sixth Amendment (Ikaanim na Pagbabago), Konstitusyon ng California, o Kodigo Pinal kahit sa mga pagkakataon kung saan naniniwala ang nagpapatupad ng batas na mayroon itong legal na dahilan para subaybayan ang mga pag-uusap na ito.

## KARAPATAN NG NAGPAPATUPAD NG BATAS NA SUBAYBAYAN ANG MGA HINDI PROTEKTADONG PAG-UUSAP SA PAGITAN NG BILANGGO AT IBANG TAO

Gayunpaman, hindi pinagbabawalan ang nagpapatupad ng batas na legal na subaybayan ang mga pag-uusap, gaya ng kapag nagbigay ng pahintulot ang lahat ng kasama sa pag-uusap. Kaya maaaring umasa ang mga nagpapatupad ng batas sa mga balidong pahintulot upang subaybayan ang mga pag-uusap, maliban sa mga pag-uusap na pinoprotektahan ng batas ng California (hal., mga pag-uusap ng bilanggo at kaniyang relihiyosong tagapayo, lisensyadong doktor, o abogado) o ng mga konstitusyon ng Estados Unidos at California (hal., mga pag-uusap ng bilanggo at kaniyang abogado). "Hindi dapat makatuwirang asahan ng bilanggo na magiging pribado ang kaniyang mga papalabas na tawag sa telepono." (*United States v. Van Poyck* (9th Cir. 1996) 77 F.3d 285, 290–291.) Maaaring hayagan o hindi hayagan ang pahintulot ng bilanggo at maaaring ibigay sa pamamagitan, halimbawa, ng pagpirma sa isang form o pagbasa sa mga karatula na malinaw na ikinabit. (*Id.* sa pp. 287, 292.)

Kahit na hinihingi ng batas ng California na magbigay ng pahintulot ang dalawang partido na nag-uusap sa telepono na irekord ang naturang pag-uusap, maaaring makuha ang pahintulot na iyon sa pamamagitan ng patiunang narekord na babala. Dapat "ipaalam ng ganitong babala sa lahat ng kasama sa pag-uusap na nirerekord ang pag-uusap. Kung ayaw nang makipag-usap ng isang partido matapos matanggap ang naturang babala, maaari siyang tumanggi na ipagpatuloy ang pag-uusap." (*Kearney v. Salomon Smith Barney, Inc.* (2006) 39 Cal.4th 95, 118, inalis ang fn.)

## PINAKAMABUBUTING KASANAYAN PARA PROTEKTAHAN ANG PAGKAPRIBADO NG MGA PAG-UUSAP NG MGA BILANGGO AT KANILANG MGA ABOGADO, RELIHIYOSONG TAGAPAYO, AT DOKTOR

Hindi kumpleto ang sumusunod na listahan ng mga rekomendasyon ng pinakamabubuting kasanayan. Nilalayon nitong magmungkahi ng mga paraan na maaaring maprotektahan ng nagpapatupad ng batas ng California ang mga karapatan ng mga bilanggo habang iniingatan ang integridad ng mga prosekusyon. Dahil dito, dapat isaalang-alang ng nagpapatupad ng batas ang sumusunod:

## I. Pinakamabubuting Kasanayan para sa mga Serbisyo sa Telekomunikasyon

1. Panatilihin ang patuloy na listahan ng hindi dapat irekord. Kunin ang mga numero ng tagapagtanggol na abogado sa panahon ng unang pagharap ng nasasakdal at isagawa ang isang pamamaraan kung saan ipinapasok sa mga listahan ng hindi dapat irekord ang naturang mga numero ng telepono. Maaaring kunin ang impormasyong ito mula sa hukuman, sa tagapagtanggol na abogado, o sa bilanggo at maaaring beripikahin gamit ang website ng samahan ng mga abogado ng estado. Gayunpaman, tandaan na madalas gumagamit ng cell phone ang tagapagtanggol na abogado; hindi sapat ang pagdaragdag ng pangunahing numero ng negosyo sa mga listahan ng hindi dapat irekord upang maiwasan ang pagrekord sa lahat ng pag-uusap ng abogado at kliyente.

2. Atasan ang bilanggo na gamitin ang mga pisikal na nakabukod, nakalaan, at hindi nakarekord na telepono para kumpidensyal na tumawag sa kanilang mga abogado, relihiyosong tagapayo, at doktor. Bago payagang gamitin ang mga teleponong ito, maaaring kailangang sumunod ng mga bilanggo sa isang pamamaraan kung saan aaprubahan o pahihintulutan ang mga abogado, relihiyosong tagapayo, at doktor para sa mga kumpidensyal na tawag sa mga bilanggo. Kapag natanggap na ang naturang pahintulot, maaari nang tumawag ang mga bilanggo sa kanilang mga abogado, relihiyosong tagapayo, o doktor sa pisikal na nakahiwalay, nakalaan, at hindi nakarekord na linya ng telepono. Maaari ring tumanggap ng tawag ang mga bilanggo mula sa kanilang mga abogado, relihiyosong tagapayo, at doktor (napapailalim sa pagpapasya ng institusyon).

3. Magpaskil ng malinaw na abiso sa Ingles, Español, at anumang iba pang pangunahing wika sa iyong hurisdiksyon, sa bawat telepono na maaaring irekord at subaybayan. Kailangang madaling basahin at intindihin ang mga karatula. Maaaring katulad ng sumusunod ang naturang abiso:

   > “Maaaring irekord at subaybayan ang lahat ng numerong tinawagan at ang mga pag-uusap sa teleponong ito nang walang karagdagang abiso. Kapag ginamit mo ang teleponong ito, sumasang-ayon ka sa pagsubabay at pagrekord. Hindi susubaybayan o irerekord ang mga tawag sa telepono sa mga abogado, doktor, at relihiyosong tagapayo kapag isinagawa ito sa ibang nakalaang telepono.”

4. Pagdodokumento na inabisuhan ang bilanggo sa mga pamamaraang dapat sundin para sa mga hindi sinusubaybayang tawag sa mga abogado, relihiyosong tagapayo, at doktor, at na nabigyan ng babala ang bilanggo, at pumapayag, na irekord ang lahat ng iba pang tawag, kabilang ang mga maling pagtawag.

5. Pag-aatas sa lahat ng partidong tumatanggap ng nakarekord na tawag mula sa isang bilanggo na pindutin ang angkop na numero kung sila ay isang abogado, doktor, o relihiyosong tagapayo, at tanggihan ang pagrekord sa tawag.

6. Pagbuo at pagpapatupad ng pagpapasimple ng mga protokol (tulad ng ginagawa sa mga wiretap) para sa pagsusuri ng mga nakarekord na pag-uusap sa telepono.

7. Tuloy-tuloy na hingiin mula sa State Bar (Samahan ng mga Abogado) ng California, at Medical Board (Medikal na Lupon) ng California ang mga numero ng telepono ng negosyo ng bawat abogado o doktor sa estado at paglilista ng mga naturang numero sa mga hindi dapat irekord.

## II. Pinakamabubuting Kasanayan para sa mga Personal Pag-uusap

1. Maglaan ng pribadong lugar para magkita ang mga bilanggo at ang kanilang mga abogado, doktor, at relihiyosong tagapayo.

2. Bigyan ang mga bilanggo ng sapat na espasyo sa pagitan nila at iba pang tao habang nakikipagkita sa kanilang abogado, doktor, at relihiyosong tagapayo upang maiwasan ang panganib ng pakikinig o hindi sinasadyang pagkakarinig.

Para sa mga tanong tungkol sa Bulletin ng Impormasyon na ito, makipag-ugnayan sa Programa ng mga Serbisyo sa Kliyente sa dojcsp@doj.ca.gov.